


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 20: Pagsulat ng Pangungusap na may Wastong Bantas



**MTB-MLE – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 20: Pagsulat ng Pangungusap na may Wastong Bantas
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rannah Nadine D. Felipe
Editor:	Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor
Tagaguhit:	Clarissa S. Diwa
Tagalapat:	Cristina T. Fangon, Edeliza T. Manalaysay
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 20:
Pagsulat ng Pangungusap na may
Wastong Bantas

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makasusulat ng mga pangungusap gamit ang wastong bantas.

MT2GA-Ih-i-5.1



Subukin

Panuto: Isaayos ang mga salita upang makabuo ng pangungusap. Lagyan ito ng tamang bantas.

1. Maiiwan Tara na bus tayo ng
2. puro sugat Bakit ka
3. ubas rin Paborito mo ba ang
4. Yehey kami sa Dambana ng Kagitingan Pupunta
5. sampaguita ang Mabango

Aralin

1

Pagsulat ng Pangungusap na may Wastong Bantas

Mahalagang matutunan ng isang batang tulad mo ang pagsulat ng mga pangungusap gamit ang wastong bantas. Ang mga pangungusap ay nagsasabi ng iba't ibang kaisipan at damdamin sa tulong ng kanilang bantas.



Balikan

Panuto: Isulat kung ang pangungusap ay pasalaysay, padamdang, patanong o pakiusap.


- _____ 1. Malamig ang simoy ng hangin.
- _____ 2. Yahoo! Nanalo ang ating grupo.
- _____ 3. Ano kaya ang ulam namin ngayon?
- _____ 4. Pakiabot ng aking unan.
- _____ 5. Ilang dosena ng itlog ang binili mo ngayon?



Panuto: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

Ano Kaya ang Ulam?

Akda ni Rannah Nadine D. Felipe



Tuwing Sabado, sabay-sabay kumakain ng pananghalian ang pamilya ni Mang Karding.

Aling Lina: Jessa, halika at tulungan mo akong maghain ng tanghalian.

Jessa: Sige po, Nay.

Mang Karding: Hmm! Ang bango naman ng niluto mong ulam.

Jimboy: Nay, ano po ang ulam natin ngayon?

Aling Lina: Kare-kare ang ulam natin. Halina kayo at kumain.

Jimboy: Wow! Ang sarap naman nito nanay.

Jessa: Aba! Syempre naman masarap talaga magluto si Nanay ng Kare-kare.

Jimboy: Ummm! Sobrang sarap po ng Kare-kare nyo Nay.

Jessa: Sa susunod na Sabado ano naman kaya ang iluluto ni Nanay?

Masayang-masaya sila dahil nabusog ang pamilya ni Mang Karding.



Suriin

Makikita natin sa kuwento o diyalogo na gumamit ng iba't ibang pangungusap upang ipahayag ang kaisipan at damdamin ng bawat tauhan.

Panuto: Sagutan ang sumusunod na mga tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang sinabi ni Aling Lina kay Jessa?
 - A. Jessa, pakiabot mo nga ang baso.
 - B. Jessa, mamalengke ka muna.
 - C. Jessa, halika at tulungan mo muna akong maghain.
2. Si Aling Lina ay nag-uutos. Anong bantas ang gagamitin sa pangungusap?
 - A. padamdang (!)
 - B. pananong (?)
 - C. tuldok (.)

3. Ano ang itinanong ni Jimboy sa kaniyang nanay?
- Nay, may sinaing na po ba?
 - Nay, pwede po ba akong maglaro?
 - Nay, ano po ang ulam natin ngayon?
4. Ano po ang ulam natin? Anong uri ng pangungusap ito?
- nagsasalaysay
 - nagtatanong
 - nag-uutos
5. Wow __ Ang sarap naman nito nanay.
Anong bantas ang dapat gamitin sa pangungusap na ito?
- padamdam (!)
 - pananong (?)
 - tuldok (.)


Kilalanin mo ang iba't ibang uri ng pangungusap.
Bawat pangungusap ay may angkop na bantas.

- Pasalaysay – ito ay nagsasabi o naglalarawan
Tuldok (.) ang bantas na nito.
Halimbawa: Kare-kare ang ulam natin.
- Patanong – ito ay nangangailangan ng sagot.
Tandang pananong (?) ang bantas nito.
Halimbawa: Nay, ano po ang ulam natin ngayon?
- Pautos – ito ay nagsasabi ng gagawin o pinag-uutos.
Tuldok (.) din ang bantas na gagamitin.
Halimbawa: Halika nga muna at tulungan mo akong maghain.
- Padamdam – ito ay nagpapahayag ng masidhing damdamin tulad ng tuwa, galit, gulat at sakit.
Tandang Padamdam (!) ang bantas nito.
Halimbawa: Wow! Ang sarap naman nito nanay.



Mga Tala para sa Guro

Gabayang ang mag-aaral sa pagsagot sa mga Pinatnubayang Pagsasanay.



Pagyamanin

Pinatnubayang Pagsasanay 1

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang tsek (/) kung tama ang ginamit na bantas sa bawat pangungusap at ekis (x) naman kung mali.

- ___ 1. Masisipag ang mga langgam.
- ___ 2. Wow! Ang ganda naman ng manika mo.
- ___ 3. Bakit ang dumi ng damit mo.
- ___ 4. Malamig ang simoy ng hangin sa bukid?
- ___ 5. Pakiabot mo nga ang gunting!

Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang tamang letra ng pangungusap na may wastong gamit ng bantas.



1. A. Aray! Ang sakit ng ngipin ko.
B. Aray. Ang sakit ng ngipin ko?
2. A. Bakit namumula ang iyong pisngi?
B. Bakit namumula ang iyong pisngi!
3. A. Pakidiligan mo ang mga halaman?
B. Pakidiligan mo ang mga halaman.
4. A. Masipag ang aking ama.
B. Masipag ang aking ama
5. A. Yehey, kaarawan ko na bukas?
B. Yehey! kaarawan ko na bukas.

Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at lagyan ito ng wastong bantas sa patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Masarap ang halohalo sa tag-init ____
2. Kailan kayo nagpunta sa **mall** ____
3. Iligpit mo na ang pinaghigaan mo ____
4. Huhhh ____ nakakapagod tumakbo ____
5. Bakit kaya wala pa si Tatay ____

Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Iguhit sa sagutang papel ang  kung tama ang bantas at  kung mali.

- ___1. Kulay itim ang uwak.
- ___2. Aray! Bakit mo ako tinulak?
- ___3. Saan ba tayo pupunta.
- ___4. Maligayang Bagong Taon.
- ___5. Huhuhu napaso ang dila ko.

Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung wasto ang ginamit na bantas sa pangungusap at **Mali** kung hindi.

- 1. Mangga ang ating pambansang prutas?
- 2. Saan mo binili ang iyong damit?
- 3. Pakiabot mo sa akin ang baso na nasa mesa.
- 4. Ang Bulkang Mayon ay may perpektong hugis apa!
- 5. Yehey! Pupunta kami sa Manila Zoo.

Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Iguhit sa sagutang papel ang bituin (☆) kung wasto ang bantas na ginamit sa bawat pangungusap at buwan (☾) kung hindi.

- ___ 1. Yehey! Maggagala kami sa Sabado.
- ___ 2. Saan nakatira si Nelia.
- ___ 3. Matamis ang pakwan na binili ni Nanay?
- ___ 4. Pakiabot mo ang timba dito.
- ___ 5. Sino ang iyong matalik na kaibigan?

Malayang Pagsasanay 2

Panuto: Piliin sa kahon at isulat sa sagutang papel ang nawawalang salita upang mabuo ang pangungusap.

Bilisan	Naku po	Pakikuha
Saan	umaga	

1. _____ mo ang baso ng tubig sa mesa.
2. Magandang _____ po.
3. _____ ka nagpunta kagabi?
4. _____! Nahulog ang bata.
5. _____ mong magbihis at aalis na tayo.


Malayang Pagtataya 2

Panuto: Bumuo ng isang pangungusap tungkol sa larawan at lagyan ito ng tamang bantas. Isulat sa sagutang papel.

1.




2.



3.



4.





Isaisip

Ang aking natutuhan sa aralin ay ang iba't ibang uri ng pangungusap na may tamang bantas.

Isulat ang iyong natutuhan sa sagutang papel.

Uri ng Pangungusap

Tamang Bantas



Isagawa

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang pangungusap na nais mong sabihin sa bawat sitwasyon.

1. Nagtataka ka kung bakit nakapatay ang lahat ng ilaw sa inyong bahay, ano ang sasabihin mo?

2. Nagulat ka dahil sinorpresa ka sa iyong kaarawan ng iyong pamilya at kaibigan, ano ang mararamdaman at sasabihin mo?

3. Oras na ng klase ng dumating ka sa paaralan, ano ang sasabihin mo?

4. Niyaya mong kumain ang mga bisita, ano ang sasabihin mo?

5. Sumasakit ang iyong ngipin, ano ang nararamdaman mo?



Tayahin

Panuto: Isulat at iayos sa sagutang papel ang mga salita upang makabuo ng pangungusap. Lagyan ito ng tamang bantas.

1. taon na ka Ilang
2. kulay asul Paborito ko ang
3. ako Napaso Aray
4. ka nga Bumili ng toyo
5. ka may sugat sa kamay Bakit



Karagdagang Gawain

Panuto: Sumulat ng limang (5) halimbawa ng mga pangungusap na ginagamitan ng iba't ibang bantas.

1. _____

2. _____

3. _____

4. _____

5. _____



Susi sa Pagwawasto

		<p>Subukin</p> <p>1. Tara na maiiwan tayo ng bus. Bakit puro sugat ka? 2. Paborito mo rin ba ang ubas? 3. Yehey! Pupunta kami ng SM Pampanga. Mabango ang sampaguita.</p>	<p>Balikan</p> <p>1. pasalaysay 2. pammadam 3. patanong 4. pautos 5. patanong</p>	<p>Suriin</p> <p>1. C 2. B 3. C 4. B 5. A</p>	<p>Pagpamanin</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 1</p> <p>1. / 2. / 3. X 4. X 5. X</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 1</p> <p>1. A 2. A 3. B 4. A 5. B</p>	<p>Pinatnubayang Pagsasanay 2</p> <p>1. Masarap ang halohalo sa tag-init. 2. Kaikang kayo nagpunta sa mall? 3. Iligpit mo na ang pinaghiguan mo. 4. Huhnh! Nakakapagod tumakbo. 5. Bakit kaya wala pa si taty?</p>	<p>Malayang Pagsasanay 1</p> <p>1. ☆ 2. ☾ 3. ☾ 4. ☆ 5. ☆</p>	<p>Malayang Pagsasanay 2</p> <p>1. Pakikuhang umaga 2. Saan 3. Naku 4. Nakuhang mag-aaral.</p>	<p>Malayang Pagsasanay 2</p> <p>1. Pakikuhang umaga 2. Saan 3. Naku 4. Nakuhang mag-aaral.</p>	<p>Tayahin</p> <p>1. Ilang taon ka na? Paborito ko ang kulay asul. Aray! Napasok ako. Bimillika nga ng toyo. Bakit may sugat ka sa kamay?</p>	<p>Karagdagang Gawain</p> <p>Suriin at itama ang nabuong pangungusap ng mag-aaral.</p>	<p>Isagawa:</p> <p>1. Bakit kaya patay ang ilaw? 2. Ohi Nagulat ako sainyo 3. Ipagpaumanhin po niyong nahuil ako. 4. Hall na po at kumain na tayo. Aray! Ang sakit ng aking ngipin.</p>	<p>Isagawa:</p> <p>1. mali 2. tama 3. tama 4. mali 5. tama</p>
--	--	--	--	--	--------------------------	--	--	---	---	---	---	--	---	--	---

Sanggunian

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph